

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Aksyon! Umuunlad ang industriya sa pelikula ng Brampton

BRAMPTON, ON (Mayo 5, 2022) – Ang Lungsod ng Brampton ay nagkaroon ng record-breaking na taon sa industriya ng pelikula. Noong 2021, nag-host ang Brampton ng 80 iba't ibang produksyon ng pelikulam telebisyon at komersyal na may kabuuang higit sa 553 araw ng aktibidad ng pag-film, 90% porsyentong pagtaas mula sa 2020.

Dahil sa mahigpit na mga protokol sa kalusugan at kaligtasan sa COVID-19 na nilikha at sinunod ng mga kumpanya ng industriya ng pelikula, mga produksyon at mga indibidwal, nagawa ng mga produksyon na magpatuloy sa buong 2021 taon ng pandemya.

Kapag nag-aplay para sa permit sa pelikula, kailangang tukuyin ng mga production company ang kanilang tinatayang direct spend sa Brampton sa Film and Television Office. Mula 2018, ang mga tantiya na ito ay lumaki nang mabuti na ang tinatayang epekto sa ekonomiya ay lumaki nang 959 porsyento hanggang sa higit sa \$18 milyon, at revenue sa Lungsod ng 147 porsyento sa halos \$400,000 sa 2021. Ang paglaki na ito ay bahagyang dahil sa interes mula sa malaking US-based studio productions tulad ng Netflix, Apple, at Amazon, pati na rinse palagiang paggamit ng converted studio space at pansamantalang mga standing set.

Kabilang sa mga proyekto kamakailan na naganap sa Brampton:

- Amazon Prime Video's new series *Reacher*
- Paramount+ series *Star Trek: Strange New Worlds*
- Netflix's feature film *13: The Musical* and *Man from Toronto*
- Apple+ series, *See*
- CBC's television series, *Coroner*
- At mas marami pa!

Ang Brampton ay isang ideyal na lugar para sa film production. Committed ang Lungsod ng Brampton sa pag-aalok ng mga serbisyong concierge-style sa industriya, tumutulong sa mga production sa lahat ng sukat para makahanap ng mga lokasyon na nakakabuti sa pelikula para sa filming at suporta kabilang ang lush parklands at sport fields ng lungsod, residensyal na mga kalapitbahayan, industriyal na mga lugar, kontemporaryo at heritage na mga pasilidad ng Lungsod, at iba't ibang opsyon ng roadway para makatulong sa paghahanda ng eksena. Ang Brampton Film and Television Office ay nakikipagtulungan din sa mga stakeholder ng Lungsod kabilang ang Rehiyon ng Peel, Peel Regional Police, mga awtoridad ng konserbasyon at marami pa para madaling mapagbigyan ang mga pangangailangan ng production

Ang Lungsod ng Brampton ay miyembro ng Ontario Green Screen, isang inisyatiba sa pagitan ng pamahalaan, industriya, mga union, guild at mga trade association para palakasin ang mga production at studio para makagawa ng sustenableng mga desisyon. Ang Brampton Film and Television Office ay nakikipagtulungan ding mabuti sa Arts, Culture and Creative Industry Development Agency (ACCIDA)

sa mga paraan para palakasin ang mga filmmaker na nasa Brampton at mga content creator para sa kinabukasan ng pelikula sa lungsod.

Para malaman ang iba pa tungkol sa paggawa ng pelikula sa Brampton, bisitahin ang brampton.ca/film

Mga Quote

“Ang Brampton ay ang lugar na pinupuntahan at kinasasabikan. Ang lungsod na ito ay ang hub para sa creative na industriya, mga luntiang inisyatiba at oportunidad. Para makita ang paglago na ito sa sektor ng film production at ang epekto ng ekonomiya sa lungsod na naganap sa panahon ng pandemyang COVID-19 ay eksepsiyonal at testamento para sa ating lokasyon, mga amenidad at napakahusay na serbisyo at mga alok na meron tayo sa Brampton.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Salamat sa mahusay na mga pamamaraang nakahanda at sa ating dedicated na mga team dito sa Lungsod ng Brampton, ang ating paglago sa mga sektor ng film at television production ay umaangat sa panahon ng pandemya. Ang Brampton ay isang Lungsod ng mga Oportunidad, at hindi na lihim na ang Brampton ay nabibilang sa pandaigdigang entablado bilang isang destinasyon para sa creative na industriya.”

- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10; Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Salamat sa dedikasyon at katangi-tanging serbisyo na inialok ng Film and Television Office ng Lungsod ng Brampton, nagawa nating makaraos sa panahon ng pandemya at naghahatid ng matatag na paglago sa ekonomiya sa lungsod, Kudos sa team sa tagumpay na ito at paglalarawan sa Brampton bilang lugar na pinupuntahan kung film at television production ang pinag-uusapan.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](https://twitter.com/brampton), [Facebook](https://facebook.com/brampton), at [Instagram](https://instagram.com/brampton). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca